*bago!*

# Mga Pagbabago sa Batas ng California Tungkol sa Upuan sa Kotse (Car Seat)

EPEKTIBO ENERO 1, 2017



Ang karamihan sa mga bata ay nakakalakihan ang isang upuan para sa sanggol bago maging 1 taong gulang

- Ang susunod na hakbang ay isang convertible na upuan sa kotse (car seat).
- Ang nakaharap sa likuran ay 5 beses na mas ligtas kaysa sa nakaharap sa harapan.
- Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics na ang mga bata ay sumakay nang nakaharap sa likuran hanggang sa pinakamataas na timbang o taas na pinahihintulutan ng tagagawa ng upuan sa kotse (car seat).

## BAGONG DAGDAG

**Simula Enero 1, 2017, ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay dapat na nakaharap sa likuran maliban lamang kung sila ay may timbang na 40 libra o mas higit, o may 40 na pulgada ang taas o mas higit.**

Ang mga bata ay dapat na nakahibilya nang tama sa isang upuan sa kotse (car seat) na nakaharap sa likuran hanggang 2 taong gulang

## KASALUKUYANG BATAS

**Ang mga batang wala pang 8** taon ay dapat na nakahibilya sa isang upuan sa sasakyan (car seat) o booster sa likod na upuan.

**Ang mga batang 8 taon o mas matanda, o ay 4'9" o mas mataas**, ay maaaring gumamit ng sinturon ng upuan ng sasakyan kung ito ay maayos na umaangkop na ang sinturon sa kandungan ay nasa babang balakang, sumasayad sa itaas ng hita, at ang sinturon sa balikat ay tumatawid sa gitna ng dibdib. Kung ang mga bata ay hindi pa sapat na matangkad upang maayos na magkasya ang sinturon, sila ay dapat na maupo sa isang booster o upuan sa kotse (car seat).

**Ang bawa't isa sa loob ng kotse ay dapat na nakahibilya nang tama.**

## BATAS NI KAITLYN (KAITLYN'S LAW)

Labag sa batas ng California na iwanang nag-iisa ang isang bata na 6 na taong gulang o mas bata na walang pangangasiwa ng isang taong kahit 12 taong gulang man lamang kung:

1. Ang mga susi ay nasa ignition o ang kotse ay umaandar, o
2. Mayroong makabuluhang panganib sa bata.

## MGA MULTA & MGA PARUSA

**Para sa bawat batang wala pang 16** na hindi maayos na nakaseguro, ang mga magulang (kung nasa kotse) o ang mga nagmamaneho ay maaaring mamultahan ng mahigit sa $500 at makakuha ng punto sa kanilang mga rekord ng pagmamaneho

**Panatilihing ligtas ang iyong mga anak. Iyon ang batas!**

California Office of Traffic Safety | California Department of Public Health | CHP | Safe Kids California | AAA We're always with you.

Para sa mga sagot sa mga tanong tungkol sa kaligtasan ng upuan ng iyong anak, kontakin ang inyong lokal na departamento ng kalusugan o bisitahin ang **cdph.ca.gov/vosp**.